Paghahanda: Tungkol kay Nanook

Ang Nanook ay ang Inuktitut na salita para sa polar bear. Maaari rin itong baybayin bilang “nanuk”. I-trace ang salitang **Nanook** gamit ang iyong daliri. Maaari mo bang sabihin nang malakas ang salita?

Nanook

Ang Inuit ang Mga Unang Tao sa Canada. Ang kanilang inang-bayan ay ang Artiko. Narito kung paano isulat ang **Inuit** sa wikang Inuktitut.

I-trace ang salita gamit ang iyong daliri.

Anu-anong mga hugis ang nakikita mo?

Narito kung paano isulat ang **polar bear** sa wikang Inuktitut.

I-trace ang salita gamit ang iyong daliri.

Anu-anong mga hugis ang nakikita mo?

Subukan Ito

1. Maghanap ng isang pirasong papel at krayola. Gumuhit ng isang diretsong linya. Gumuhit ng isang tatsulok. Gumuhit ng isang bilog. Gumuhit ng isang kalahating bilog.
2. Ngayon ay subukang isulat ang mga salitang Inuit at polar bear sa wikang Inuktitut.

Palatandaan: Isipin ang mga hugis na iginuhit mo.

Ano ang Kakailanganin Mo:

Piraso ng papel.

Pen o lapis.



Alam Mo Ba?

Nanook din ang pangalan ng isang dakilang ispiritu ng polar bear. Maraming kuwento ng Inuit tungkol kay Nanook.